



4th Story

Pagbabautismo at tukso sa Disyerto

Into the Wilderness.

Pagbabautismo at tukso sa Disyerto

- 4th Story -



- Camron Ang init! Sana ay umalis na tayo dito! Paulit ulit lang naman ang nangyayari! Ang mga taong dumarating at sila ay inilubog sa tubig ng nagngangalang Juan. Siya ay kakaiba kung tatanungin mo ako. Ibig kong sabihin, naririnig kong natutulog siya sa disyerto at kumakain ng mga balang na tinakpan ng pulot at tingnan mo siya ... Nakasuot siya ng buhok ng kamelyo! Bukod dito, hindi ito mukhang pangkaraniwang tao.
- Juan Binabautismuhan kita sa pamamagitan ng tubig, ngunit may isang taong darating na mas mahigit kaysa sa akin. Hindi ko man lang kayang alisin ang kanyang sandalyas.
- Camron blah. Blah. Blah. Blah. Handa na ako umalis. Huh? Oh hindi ... mas dumarami ang mga tao.
- Juan Narito! Ang taong ito! Hindi ito ordinaryong tao! Ito ang Kordero ng Diyos! Ito ang sinasabi sa inyong lahat!
- Sonny Kamusta! Anong pangalan mo?
- Camron Uh, Camron. At ikaw?
- Sonny Sonny.
- Camron Kung gayon, ang taong dinala mo dito , siya ba ay talaga espesyal gaya ng sinasabi ng lalaking may buhok ng kamelyo?
- Sonny Oh oo. Higit pa. Nakatira ako kasama ang kanyang pamilya mula nang ako ay ipinanganak. Siya ay isang napaka-espesyal na tao. Naroon ang aking ama nang siya ay isinilang, at sinabi niya sa akin ang tungkol sa Kanya.
- Camron Talaga?
- Sonny Hindi ka ba naniniwala sa akin?
- Camron Uh.. Hindi. At bakit naman ako maniniwala sa iyo? Makinig ka. Nakakita na ako ng maraming kagiliw-giliw noon, ngunit lahat ng ito ay hindi totoo. Maaaring Siya ay isang normal na tao lamang na magaling at talentado.
- Sonny Tignan natin~~
- Jesus Naparito ako upang magpabautismo sa iyo.
- Juan Ano!? Hindi ... Hindi kita mababautismuhan, Panginoon. Sa katunayan, ang dapat mong binyagan ay ako. Pakiusap! Pakibautismuhan mo ako!



Jesus Juan, bautismuhan mo ako ngayon. Napakahalaga nito sa akin, at sa Kaniya na nagsugo sa akin. Kailangang mong gawin ito!

John Kung gayon Panginoon. Kung ito ay mahalaga sa iyo, at sa Diyos sa itaas, kung gayon mahalaga din ito sa akin. Ayon sa iyong nais Panginoon.

Narrator At nung babautismuhan na ni Juan si Hesus, Biglang nagliwanag ang langit at isang kalapati ang bumaba mula sa kung saan. At biglang may nagsalita

John Ah, ah, Ano ito?

Voice from Heaven Ito ang aking Anak. Mahal ko siya. Lubus ko siyang kinalulugdan.

Crowd

John (Shook < Nabigla>)~~~ Hindi maari!

Jesus Aking Panginoon!

Camron Maraming salamat. Juan

Sonny Ano iyon?! grabe! Nakakamangha!

Camron Hindi! Hindi. Banal na Espiritu.

Nakita mo ba iyon? Saan nanggaling ang boses na iyon?! Ang kalapating iyon ay lumipad patungo sa kanya at dumapo sa kanyang balikat!

Sonny (Tumatawa) Sabi ko sayo eh! Siya ay higit pa sa karaniwan. Anak siya ng Diyos. Siya ay napaka-espesyal

Camron WOW! Ang ibig kong sabihin ay, Patawad! Hindi ako naniwala sa iyo kanina. Ngunit naniniwala na ako sayo ngayon.

Sonny Kailangan ko nang umalis. Siguro ay magkikita pa tayong muli sa susunod.

Camron Umaasa ako! Paalam!

Narrator Matapos mabautismuhan ni Juan si Jesus, naglakbay siya sa disyerto. Nagpunta Siya ng mag-isa upang manalangin at mag-ayuno.

Jesus Salamat Sonny, ngunit kailangan kong pumunta magisa., Sige na.

Pagkalipas ng 40 na Araw

Jesus Amen

Satan Ah, ang mga batong iyon. Mmm ... ngunit hindi sila maaaring maging tinapay. Ngunit sandali. Alam ko kung sino ka, Hesus. Maaari mo ba silang gawing tinapay sa pamamagitan lamang ng pagsabi mo. Halika na. Alam kong gusto mo. Hindi



- Satan Oh, talaga? ... Isang maliit na bato lang? Tiyak na magugutom ka. Narito ka para sa, ano ... 40 (apatnapung) araw? ng walang pagkain?
- Jesus Nasusulat Satanas, "Ang tao ay hindi lamang nabubuhay sa tinapay. Nabubuhay din siya sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos."
- Satan Ano man ... Kaya, "Anak ng Diyos" ... Bakit hindi mo ... ihulog ang iyong sarili mula rito. Alam ko rin ang Salita. Naniniwala ako na nakasulat na iyon, "luutos ng Panginoon sa Kanyang mga anghel na alagaan ka. Itataas ka nila sa kanilang mga kamay. Kung gayon hindi ka matitisod sa mga bato." Susubukan ba natin iyan? Hmmm?
- Jesus Tama ka Satanas. Nasusulat ito, ngunit nakasulat din. "Huwag mong susubukin ang Panginoon mong Diyos."
- Satan (naaasar) Lahat ng ito. Lahat ng nakikita mo. Magiging mabait ako at ibibigay sa iyo. Ang tanging maliit na bagay na hinihiling ko bilang kapalit ay para sa iyo na yumukod at sumamba sa akin dito. Halika na. Kaunting yuko lamang.
- Jesus Umalis ka rito, Satanas! Napapagod na ako sayo. Nakasulat, "Sumamba ka sa Panginoon mong Diyos. Siya lamang ang dapat mong sambahin at paglingkuran. "!
- Satan Hmm! Oo alis ako dito! Pero hindi pa ako tapos sa iyo!
- "Sinabi sa kaniya ni Jesus, 'Lumayo ka sa akin, Satanas! Nasusulat, 'Sumamba ka sa Panginoon mong Diyos. Siya lamang ang dapat mong paglingkuran. " Mateo 3:10